# Recovery counseling, ilalatag ng QCADAAC sa mga babaeng preso-Joy B.

Kapit-bisig na ang Quezon City Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC) sa Bureau of Jail Management and Penology sa pagsasagawa ng drug recovery counseling program para sa kanilang mga babaeng preso sa lungsod.

Ito ay makaraang lumagda sa isang kasunduan si QC Vice Mayor at QCADAAC Chair Joy Belmonte sa pagitan ng BJMP - Quezon City Female Dormitory para magkasamang ipatupad ang programang "Katatagan Kontra Droga sa Komunidad" (KKDK) na layong mapabuti ang kalusugan at mapangalagaan ang mga preso na nasangkot sa illegal drugs.

Ang KKDK ay isang community-based drug recovery program na inilunsad ng Psychological Association of the Philippines (PAP) noong 2017 na nagkakaloob ng counseling para sa drug recovery skills, life skills at pagbuo ng support group sa loob ng pamilya.

Ayon kay Belmonte, ang nasabing hakbang ay isa sa mga programa ng lokal na pamahalaan para malipol ang illegal drug abuse sa lungsod kasama ng community rehabilitation programs at education campaign sa mga barangay.

"Our main goal is to help persons deprived of liberty to be able to completely resist the urge of using and going back to illegal drugs. We want to help them make their lives better by helping them turn away from these kinds of substances so that after their sentence, they can attain a better quality of life," pahayag ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*